



# Mga Pamantayan sa Pagkatuto at Pagsusulit ng Estado

## Ano ang mga pamantayan sa pagkatuto?

Tinutukoy ng Mga Pamantayan sa Pagkatuto sa K-12 ng Estado ng Washington ang lahat ng dapat malaman at magawa ng mga mag-aaral sa bawat baitang.

## Bakit natin kailangan ang mga ito?

Hinihingi ng matataas na pamantayan sa pagkatuto sa mga mag-aaral na maging kritikal sa pag-iisip at malikhain tungkol sa nilalaman—sa halip na kabisaduhin ito—nang sa gayon ay maging handa sila sa mga trabaho, kolehiyo at buhay pagkatapos ng sekondarya.

## Aling mga asignatura ang may mga pamantayan sa pagkatuto?

Mayroong mga pamantayan sa 13 asignatura kasama na ang matematika, sining sa wikang Ingles, agham, teknolohiyang pang-edukasyon, at mga wika sa mundo.

## Bakit mayroon tayong mga pagsusulit ng estado?

Ang pagsukat sa paghusay ng mag-aaral sa mahahalagang kasanayan at kaalaman ay susi para malaman ng mga pamilya at guro kung makakapagtapos ang mga mag-aaral sa tamang oras na may mga opsyon, o kung maaaring kailanganin nila ng karagdagang tulong o mga oportunidad sa advanced na pagkatuto.

Magagamit din ang datos ng pagsusulit ng mga paaralan, distrito, at ng estado upang matulungan ang mga guro na gawing mas mahusay ang pagtuturo para sa lahat ng mag-aaral. Nakakatulong din ang pagbibigay ng pagsusulit sa buong estado na matiyak na ang lahat ng mag-aaral sa pampublikong paaralan, saanman sila nag-aaral, ay may access sa de-kalidad na edukasyon.

## Kinakailangan ba ang mga pagsusulit ng estado?

Iniaatas ng mga batas ng estado at pederal na masuri ang mga mag-aaral sa:

- **Sining sa wikang Ingles at matematika:**  
Baitang 3 hanggang 8 at sekondarya (sinasagutan ng mga mag-aaral ang mga pagtatasa ng Smarter Balanced)
- **Agham:** Baitang 5, 8 at 11

Upang malaman kung aling mga pagsusulit ang kailangan para sa pagtatapos sa sekondarya, pakipuntahan ang [www.WAtesting.com](http://www.WAtesting.com).

### NANGUNGUNANG 5 BAGAY

## tungkol sa Mga Pamantayan at Pagtatasa sa Pagkatuto sa K-12 ng Estado ng Washington

### 1 Mga kakayahang magagamit sa buhay

Nakatuon ang mga pamantayan at pagtatasa sa pagkatuto ng Washington sa mga kakayahang magagamit sa buhay na natututunan at isinasagawa ng mga mag-aaral sa silid-aralan bawat araw gaya ng paglutas ng problema, kritikal na pag-iisip, at pagsusulat. Sa mga pagtatasa, ipinapakita ng mga mag-aaral ang kanilang gawa, isinusulat, at ipinapaliwanag ang kanilang mga sagot bilang bahagi ng proseso ng pagtatasa, na siyang sumusukat sa mga kasanayan at kaalaman na kakailanganin nila upang makamit ang trabahong gusto nila.

### 2 Paggawa ng lahat ng kinakailangan

Tumutulong ang mga pagtatasa na matukoy ang mga kakulangan sa pagkamit at nagpapahintulot sa mga pampaaralang distrito at sa estado na ibigay ang mga mapagkukunan kung saan pinakakailangan ang mga ito.

### 3 Isang sukatan lang ang pagsusulit

Ang pagsusulit ng estado ay isa sa maraming indikasyon, kasama ang mga report card, feedback ng guro, at gawain sa silid-aralan na ginagamit upang makita ang buong detalye ng paghusay ng mag-aaral sa paaralan.

### 4 Ang nararapat na panuntunan

Ang mga pamantayan sa pagkatuto ng estado ng Washington at ang mga kaugnay na pagtatasa ay idinisenyo upang ihanda ang mga mag-aaral para sa kolehiyo, trabaho at buhay.

### 5 Accessible para sa lahat ng mag-aaral

Ang mga pagsusulit ng Smarter Balanced ay idinisenyo upang magamit ng lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga may kapansanan at nag-aaral ng wikang Ingles.

**DAGDAGAN  
ANG  
NALALAMAN!**

### Mga Pamantayan sa Pagkatuto

[bit.ly/StateStandards](http://bit.ly/StateStandards)  
o mag-email sa [CoreStandards@k12.wa.us](mailto:CoreStandards@k12.wa.us)

### Pagsusulit ng Estado

[www.WAtesting.com](http://www.WAtesting.com)  
o mag-email sa [StateTesting@k12.wa.us](mailto:StateTesting@k12.wa.us)

### Suportahan ang Iyong Mag-aaral

Mahuhusay na Paaralan:  
<http://bit.ly/2tRyZoO>